Public education
**Discover a world of opportunities**

TAON 1 AT 2

# PAGBASA: PAG-AARAL SA TAHANAN

## ANG PAGBASA KASAMA NG INYONG ANAK AY MAHALAGA!

Papabutihin ng inyong mga anak ang mahahalagang maagang kasanayan ng pagbasa sa pamamagitan ng laro at maraming pakikipag-usap. Palakasin ninyo ang loob ng inyong mga anak na magsiyasat ng sari-saring uri ng mga aklat at mga pambatang tula, at payuhan ninyo ang inyong pamilya at mga kaibigan na magbasa kasama ng inyong mga anak.

Ang inyong mga anak ay patuloy na matututo na ang mga kuwento ay may simula, gitna at katapusan, at ang pagbasa ay magbibigay sa kanila ng pagkakataong makinig at mag-usap tungkol sa mga tunog, salita at mga tularan. Ang pagbasa ay tutulungan ang inyong mga anak na magsiyasat ng mga bagong ideya, salita at impormasyon.

Matagal maging isang mambabasa. Ang pakikipag-usap sa inyong mga anak, pagsisiyasat at pagbasa kasama ng inyong mga anak araw-araw ay tutulungan silang paunlarin ang kanilang pagkahilig sa mga aklat at pagbasa.

**Ano ang magagawa ko?**

Maraming mga maagang kasanayang ng pagbabasa ang kailangang paunlarin ng inyong mga anak bago sila magkaroon ng pagtitiwala sa kanilang pagbasa. Ibibilang sa mga ito ang mga kasanayan sa pagsalita at pakikinig, pagkakatuto tungkol sa mga tunog at mga salita, at magkasamang pakiikipagbahagi ng mga aklat.

Habang patuloy na natututong magbasa ang inyong mga anak, mahalaga na tulungan ninyo silang paunlarin ang mga kasanayang ito sa tahanan sa pamamagitan ng laro. Pumili kayo ng mga larong naka-pokus sa mga kasanayan ng pagsasalita at pakikinig, gaya ng *Sabi ni Simon*, panoorin at siyasatin ninyo ang daigdig sa paligid ninyo, at mangyari pa magbasa kayo nang marami.

**Mga mababasang aklat**
***Owl babies*** **ni Martin Waddell**
***Koala Lou*** **ni Mem Fox**
***Meerkat mail*** **ni Emily Gravett**
***Annie's chair*** **ni Deborah Niland**
***Diary of a wombat*** **ni Jackie French**

**Gamitin ninyo ang aklatan sa inyong lugar**

Ang mga aklatan ay tagong-kayamanan para sa mga batang mambabasa. Ang mga ito ay may malawak na hanay ng mga aklat, CD, DVD, mga magasin at komiks. Ang pagbisita sa aklatan sa inyong lugar ay isang magaling na paraan ng:

- pagbahagi sa inyong mga anak ang kahalagahan ng mga aklat at pagbasa
- isama ninyo ang buong pamilya sa mga palagiang gawain na pagbabasa
- paghanap ng mga paboritong may-akda at tagaguhit ng inyong anak
- paggamit ng mga tulong sa pagtuturo na maaaring wala sa tahanan, katulad ng mga kompyuter
- pagsali sa mga pambakasyong gawain.

**Maraming mga mababasang bagay kabilang ang mga pambatang tula; mga aklat ng mga kuwento; mga aklat ng mga hindi kathang kuwento (non-fiction); mga aklat tungkol sa mga dinosauro at mga alagang hayop; mga aklat na magkasama ninyong ginagawa; mga nakakatawang aklat; mga website at CD; mga komiks; mga pahayagan; mga katalogo at magasin; mga aklat ng resipe; mga mapa ng karsada; at mga diksiyunaryo.**

**Makakakita kayo nang higit pa na mga pahina ng mga impormasyon ukol sa pantahanang pag-aaral sa education.wa.edu.au.**

Department of **Education**

© Department of Education, Western Australia, 2015